




Ano ang Islam?





Ano ang Islam?



Ang “Islam” ay isang salitang Arabo na nangangahulugang kapayapaan at pagpapasakop. Ang isang nagsasanay na Muslim ay nagsisikap na magpasakop nang buong puso sa Diyos, sa gayon ay makakamit ang kapayapaan sa buhay na ito gayundin sa kabilang buhay. Ang “Muhammadanismo” [Mohammedanism] ay isang maling pangalan para sa Islam at lumalabag sa mismong diwa at mensahe nito.

Ang Islam ang pinakahuli sa tatlong relihiyong Abrahamiko, na ang dalawang nauna ay Hudaismo at Kristiyanismo. Dahil dito, ito ay isang relihiyong batay sa rebelasyon na nagbabanggit ng paniniwala sa Isang Diyos at sa gabay na ipinahayag ng Diyos sa mga propeta. Ang mga propeta ng Islam ay kinabibilangan nina Abraham, Moises, Solomon, at Hesus: kung kaya't ang Islam ay hindi isang bagong relihiyon kungdi ang panghuli at katuparan ng parehong pangunahing katotohanan na ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng lahat ng Kanyang mga propeta sa bawat bayan [Qur'an, 3/84].

Bandang taong 610 AD, isang lalaking nagngangalang Muhammad ang gumugugol ng oras mag-isa sa kuweba ng Hira kung saan siya'y regular na dumadayo at



nagpapakalayo mula sa pagmamadali ng abalang bayan ng kalakalan ng Makkah upang pagnilayan ang mga misteryo ng buhay. Si Muhammad (s.a.w.*) ay kilala bilang “ang mapagkakatiwalaan” sa kanyang mga kaibigan at kapamilya dahil sa kanyang palagiang dalisay at tapat na pakikitungo sa iba. Malapit na sa pagtatapos ng lunar na buwan ng Ramadan, noong gabi na ngayo’y kilala at ipinagdiriwang bilang ang Gabi ng Qadr nang ang mga rebelasyon ng Qur’an ay nagsimulang ihatid sa pamamagitan ng Arkanghel Gabriel kay Propeta Muhammad (s.a.w.). Patuloy siyang nakatanggap ng mga rebelasyong ito sa loob ng dalawampu’t tatlong taon. Ang mga bersikulo ay isinaulo at isinulat ng mga kasam’t tagasunod ni Propeta Muhammad (s.a.w.), at ito rin ang Aklat (ang Qur’an) na binabasa ng mga Muslim ngayon.

Bilang karagdagan sa Qur’an, ang mga Muslim ay may mga talaan ng buong buhay at mga gawain ng Propeta (*sunnah*). Kabilang dito ang mga bagay tulad ng paraan ng pagdarasal at wudhu o paghuhugas ng katawan para sa pagsamba, ang mga detalye kung paano isagawa ang Hajj o ang paglalakbay sa banal na lugar ng mga Muslim, at marami pang ibang gawain na naglalarawan ng paniniwala sa isang Diyos. Mayroon ding mga kasabihan at gawain ng Propeta na nasaksihan ng mga tao noong panahong iyon at naisalaysay at naitala. Ang mga ito ay kilala bilang *hadith* at nagsisilbing gabay kung paano isabuhay ang relihiyong Islam.

*. sallallaahu alayhi wassallam: sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala; ito ay sinasabi ng mga Muslim bilang panalangin tuwing mababanggit ang mahal na Propeta.

Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim?



1. Isang Diyos: Ang mga Muslim ay naniniwala sa Nag-iisa, Natatangi, Walang Katumbas, Maawaing Diyos, ang Nag-iisang Lumikha, Tagapagtaguyod at Tagapag-ingat ng Sansinukob. Mas gusto ng mga Muslim na gamitin ang salitang Arabo para sa Diyos, “Allah”, dahil wala itong terminolohiya na pang-marami, pambabae o pang-maliit na maaaring iugnay sa idolatriya (halimbawa, mga diyos, diyosa o mga kalahating diyos).

2. Ang mga Anghel: Naniniwala ang mga Muslim na nilikha ng Allah ang mga anghel na hindi sila makakagawa ng mga kasalanan at wala silang kasarian.

3. Ang mga Propeta: Sa paniniwalang ipinadala ng Allah ang Kanyang mga sugo at mga propeta sa lahat ng tao, tapat na tinatanggap ng mga Muslim ang mga propeta sa Bibliya, na binanggit din sa Qur'an, kabilang sina Adan, Ismael, Isaac, Moises, David, at Hesus (sumakanila nawa ang kapayapaan). Ang lahat ng mga propeta ay mga taong katulad natin na, bilang mga piniling halimbawa para sa kani-kanilang mga komunidad, ay hindi nakagawa ng mabigat na kasalanan. Tinatanggap ng mga Muslim si Hesus bilang isang propeta, naniniwala sa kanyang birhen na kapanganakan, at lubos na gumagalang sa kanya. Ang kanyang





pangalan (Isa) ay binanggit sa Qur'an nang halos isang daang beses.

4. Ang mga Aklat: Ang paniniwala sa mga Banal na Aklat ng Allah na ipinadala bago ang Quran at sa Quran bilang mga huling salita mula sa Allah ay isang haligi ng pananampalatayang Islam. Ang Qur'an ay ipinahayag sa huling propeta, si Muhammad (s.a.w.), sa pamamagitan ng Arkanghel Gabriel. Kinumpirma at kinumpleto nito ang lahat ng mga naunang rebelasyong ipinadala sa sangkatauhan sa pamamagitan ng mga sugo ng Allah. Ang Qur'an ay isang himala sa maraming paraan kabilang na (ang katotohanang) ang mga kahulugan nito ay naaangkop pa rin sa makabagong panahon .

5. Kapalaran at Banal na Atas: Ang isang Muslim ay naniniwala sa al-qadr o banal na kapalaran, na nauugnay sa sukdulang kapangyarihan ng Allah. Ito'y



nangangahulugan na ang Allah ang May Alam ng lahat, Makapangyarihan at Nasa Lahat ng Dako. Siya ay may kaalaman at kapangyarihan upang maisakatuparan ang Kanyang mga plano. Hindi ang Allah walang malasakit sa mundong ito. Ang Allah ang Marunong, Makatarungan, at Mapagmahal, at anuman ang Kanyang ginagawa ay may karunungan kahit na minsan ay hindi natin ito lubos na nauunawaan.

6. Muling Pagkabuhay: Ipinapaliwanag ng sumusunod na bersikulo ang kahalagahan ng paniniwala sa mga alituntunin ng pananampalataya kabilang ang Huling Araw:

“Ang pagiging matuwid ay hindi ang pagharap ninyo sa silangan o sa kanluran, bagkus ang [tunay na] pagiging matuwid ay [nasa] isang naniniwala sa Allah, sa Huling Araw, sa mga anghel, sa Aklat at sa mga propeta; at nagbibigay ng kayamanan sa


mga kamag-anak, ulila, nangangailangan, manlalakbay, sa mga humihingi [ng tulong], at sa pagpapalaya ng mga alipin, sa kabila ng pagmamahal sa yaman nito; [at yaong] nananalangin at nagbibigay ng zakat; [yaong] tumutupad sa kanilang pangako kapag sila ay nangako; at [yaong] matiyaga sa kahirapan, suliranin at sa panahon ng labanan. Sila ang Yaong mga naging totoo, at sila ang yaong mga matuwid. [Surat Al-Baqarah, 2/177]

Ano ang Mga Limang Haligi ng Islam?



1. Shahada (Ang Pagpapatotoo)

Mayroong limang haligi ng Islam, ang una ay ang pagpapatotoo o pagpapahayag ng pananampalataya, ang *shahadah*, isang simpleng pormula na binibigkas ng lahat ng mga nananampalataya: “Walang diyos maliban sa Allah, at si Muhammad ay ang alipin at Sugo ng Allah.” Ang mga salitang ito ay dapat bigkasin nang may tapat at matibay na pananalig at hindi sa ilalim ng pamimilit. Ang kahalagahan ng patotoong ito ay ang paniniwala na ang tanging layunin ng buhay ay maglingkod at sumunod sa Diyos, at ito ay nakakamit sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ni Propeta Muhammad (s.a.w.), ang sugo sa buong sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ang sinumang magpahayag ng *shahadah* ay isang Muslim





kahit na hindi niya sinusunod ang iba pang mga tungkulin na ipinag-uutos sa mga Muslim sa Islam.

2. *Salah* (Limang Araw-araw na Pagdarasal)


Ang pang-araw-araw na pagdarasal ay isinasagawa ng limang beses sa isang araw bilang isang tungkulin kay Allah. Pinalalakas at pinalalalim nila ang paniniwala kay Allah at binibigyang inspirasyon ang tao (na tumutok) sa mas mataas na moralidad. Ang *salah* ay nagpapadalisay sa puso at pinipigilan ang madala sa mga tukso sa mga maling gawain at kasamaan. Ang mga lalaking Muslim ay lubos na hinihikayat na isagawa ang kanilang limang araw-araw na pagdarasal sa moske nang magkakasama. Ang mga babaeng Muslim ay malayang magdasal kung saan ito pinaka-maginhawa.

3. *Sawm* (Pag-aayuno)

Pinapanatili ng mga Muslim ang kahalagahan ng *Ramadan*, ang buwan ng pag-aayuno, hindi lamang sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkain, inumin, at pagtatalik ng mag-asawa mula madaling araw hanggang sa paglubog ng araw kungdi pati na rin sa pag-iwas sa masasamang hangarin at pagnanasa. Itinuturo nito ang pagmamahal, katapatan, at debosyon. Nililinang nito ang isang maayos na konsensyang panlipunan, pagpapasensya, pagiging hindi makasarili, at determinasyon. Tinutulungan din nito ang mga mayayaman na maunawaan ang kahirapan ng mga nagdurusa sa gutom.

4. *Zakah* (Pagpapadalisay ng Kayamanan)

Ang pagsamba sa Islam ay hindi limitado sa espirituwal na kaharian lamang. Ang mga materyal na obligasyon ay ipinag-uutos sa mga may kakayahang isagawa ito. Ang *Zakah* ay ang taunang pagbabayad ng 2.5% ng netong ipon at komersyal na ari-ariang mayroon ang isang tao sa loob ng isang taon bilang tungkuling panrelihiyon at bilang pagpapadalisay ng yaman ng isang tao. Ang kabuuan ay direktang gagastusin sa mga mahihirap na pangkat ng komunidad. Ang mga Muslim ay kinakailangang tumulong sa mga mahihirap, mga ulila, at nangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang tiyak na halaga ng pera upang mapaginhawa ang kanilang buhay sa pagtatangkang alisin ang hindi pagkakapantay-pantay (sa





lipunan]. Palaging hinihikayat ng Islam ang mga Muslim na ibahagi ang kanilang mga materyal na pagpapala sa mga mahihirap. Ang pinakamababa sa pagbabahaging ito ay ang pagbibigay ng zakah.

5. Hajj (Banal na Paglalakbay sa Makkah)

Ang tungkuling ito ay dapat gampanan minsan sa isang buhay kung ang isang tao ay may mga kakayahang pangkalusugan at pinansyal upang magawa ito. Sa nakalipas na 1,400 taon, ang Islamikong himala ng tunay na kapatiran ng lahat ng lahi at bansa ay nakitang nagaganap habang ang mga Muslim ay nagtitipon para sa banal na paglalakbay, *Hajj*, taun-taon sa sagradong lungsod ng Makkah kung saan matatagpuan ang Bahay ng Allah, ang *Ka'bah*. Bilang ang tanging lugar ng hajj at direksyon na hinaharap sa limang araw-araw na pagdarasal, ang *Ka'bah*, na isang sinaunang gusaling hugis kubiko mula pa noong panahon ni Abraham, ay iniikot na ngayon ng humigit-kumulang tatlong milyong Muslim bawat taon, na ang lahat ay nakasuot ng puting damit, sa panahon ng *Hajj*.

Ito ang mga ritwal na obligasyon sa Islam, na ang bawat isa ay may panloob na espirituwal na epekto sa mga tapat: samakatuwid, ang pananampalataya at katapatan ay mahalagang bahaging magagawaing ito. Bilang karagdagan sa mga ritwal na obligasyong ito, ang mga Muslim ay nagsasagawa ng mga personal na panalangin na tinatawag na *dua*.



Kaligtasan sa Islam

Sa Islam, ang bawat tao ay ipinanganak na walang kasalanan: walang (konsepto ng) orihinal na kasalanan. Ang bawat tao ay may pananagutan sa kanilang sariling mga gawain, at walang sinuman ang magpapasan ng pasanin ng iba (Qur'an, 6/164). Ang bawat tao ay binigyang inspirasyon ng kaalaman tungkol sa Allah at likas na kumikiling sa Islam bago ipanganak. Kaya't responsibilidad nating hanapin ang gabay ng Allah at panatilihing malinis ang ating mga puso mula sa katiwalian. Ang Allah ang hukom ng lahat, at walang sinuman ang may karapatang magbigay ng kaligtasan o magdikta ng kaparusahan maliban sa Kanya.



Moske

Ang moske, sa pinakapangunahing anyo nito, ay isang malinis na lugar na itinalaga para sa pagdarasal. Ang mga moske sa buong mundo ay nagkaroon ng iba't ibang anyo ng arkitektura na sumasalamain sa mga lokal na kultura. Ito'y makikita mula sa mga hiwalay na pabilyon sa Tsina at mga detalyadong patyo sa India hanggang sa malalaking simboryo o domes sa Turkiya at mga istrukturang salamin at bakal sa Estados Unidos.

Habang naglalakad ka sa isang moske, maaaring humanga ka sa arkitektura at sa kaligrapikong dekorasyon na batay sa eskriptong Arabo o sa ilaw at sa kalawakan ng lugar na ito kung saan nagtitipon ang mga Muslim sa loob ng maraming siglo para sa limang araw-araw na pagdarasal at iba pang mga serbisyong panrelihiyon. Ang pagdarasal

sa Biyernes, na opsyonal para sa kababaihan at obligadong para sa kalalakihan, naisinasagawa sa moske, ay isang lingguhang pagdarasal ng kongregasyon na kinabibilangan ng isang sermon (*khutbah*) ng *imam* na tumutugon sa mga isyung panlipunan gayundin ang pagdi-direkta sa mga Muslim sa mabuting buhay. Ang *imam*, halimbawa, ay binibigkas ang sumusunod na bersikulo mula sa Qur'an sa pagtatapos ng bawat sermon: "Katiyakang ipinag-uutos ng Allah ang paggawa ng katarungan at ang paggawa ng kabutihan (sa iba) at ang pagbibigay sa mga kamag-anak, at ipinagbabawal Niya ang kahalayan at kasamaan at paghihimagsik; Pinapayuhan Niya kayo upang kayo'y maging maingat." [Qur'an 16/90]

Sa Islam, hindi kinakailangang nasa moske para magdasal dahil ang Diyos ay hindi nakakulong sa isang gusali, gaya ng sinabi ni Propeta Muhammad (s.a.w.), "Ang buong mundo ay isang moske." Dahil dito, ang isang tradisyunal na moske ay binubuo ng isang gusali na may simboryo o dome at isang minaret kung saan isinasagawa ang panawagan sa pagdarasal (adhan). Walang altar, isang simpleng espasyo lamang para magdasal nang sama-sama at kadalasan ay may *mihrab* (niche) upang


ipaalam ang direksyon ng Makkah kung saan nakaharap ang mga Muslim para sa kanilang mga pagdarasal.



Pagdarasal at Panawagan sa Pagdarasal

Ang limang araw-araw na pagdarasal na isinasagawa ng mga Muslim ay sentro ng pagsasabuhay ng Islam. Pagkatapos magsagawa ng wudhu, na isang pisikal na paghahanda kung saan hinuhugasan ang mga bahagi ng katawan tulad ng mukha, braso at paa, ang pagdarasal ay magsisimula at kinabibilangan ng mga itinakdang galaw at pagbigkas ng mga bersikulo mula sa Qur'an sa orihinal nitong anyo ng wikang Arabo. Ang isang siklo ng pagdarasal ay tinatawag na *rakah*, at iba't ibang bilang ng *rakah* ay isinasagawa para sa bawat oras ng pagdarasal.

Ang pagdarasal sa Islam ay nagsasangkot ng katawan, isip, at kaluluwa sa isang gawa ng pag-alala at pagsuko sa gitna ng mga pang-araw-araw na gawain. Ito ay ilang



minutong naghihiwalay sa mga alalahanin ng pang-araw-araw na makamundong buhay at maaaring magdulot ng kapayapaan at layunin sa iba pang mga aktibidad. Ukol naman sa paraan ng pagdarasal bilang isang kongregasyon, ang mga Muslim ay nakalinya nang balik at balik na sumisimbolo sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng nananampalataya.

Ang oras ng mga pagdarasal ay kinakalkula ayon sa paggalaw ng araw: halimbawa, ang oras ng pagdarasal sa tanghali ay nagsisimula kapag ang araw ay lumampas sa tugatog nito sa lokasyon ng isang tao. Samakatuwid, ang oras para sa mga pagdarasal na ito ay nagbabago ayon sa pagbabago ng mga panahon alinsunod sa kung saan matatagpuan ang isa sa mundo. Kaya, walang kahit isang sandali na walang pagdarasal na isinasagawa sa buong mundo. Upang ipaalala sa mga tao ang mga oras ng pagdarasal, ang panawagan sa pagdarasal (*adhan*) ay binibigkas sa wikang Arabo na nagmumula sa minaret. Ito ay ginagawa ng *muazzin* na pinili para sa gawain na ito batay sa kakayahan sa



pagbigkas at mabuting
pagkatao. Ang
pinakaunang muazzin
ay si Bilal, isang itim
na Muslim na mula
sa Ethiopia na, isang
kasama ni Propeta
Muhammad [s.a.w.]
na kilala sa kanyang
magandang boses.

Pagsasalin sa Tagalog ng Panawagan sa Pagdarasal

Ang Allah ang Pinakadakila, ang Allah ang Pinakadakila.

Ang Allah ang Pinakadakila, ang Allah ang Pinakadakila.

Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah.

Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah.

Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay ang Sugo ng Allah.

Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay ang Sugo ng Allah.

Halina sa pagdarasal!

Halina sa pagdarasal!

Halina sa kaligtasan!

Halina sa kaligtasan!

Ang Allah ang Pinakadakila, ang Allah ang Pinakadakila.

Walang diyos maliban sa Allah.

Ang siklo ng mga oras ng pagdarasal, na nakabatay sa mga ritmo ng natural na mundo, ay nagbibigay ng isang balangkas para sa pamumuhay at isang pundasyon para sa mga sandali sa buhay na pansamantalang nag-aangat sa atin mula sa agos ng oras at espasyo sa mundong ito at nagpapahintulot sa atin na lumapit sa Dakilang Nilalang.

Contact

Presidency of Religious Affairs
General Directorate of Religious Publications
Department of Publications in Foreign Languages and Dialects

Diyanet İşleri Başkanlığı
Dini Yayınlar Genel Müdürlüğü
Yabancı Dil ve Lehçelerde Yayınlar Daire Başkanlığı

Üniversiteler Mah. Dumlupınar Bulvarı
No:147/A 06800 Çankaya-ANKARA /TÜRKİYE

Tel : +90 312 295 72 81

Fax : +90 312 284 72 88

e-mail: yabancidiller@diyanet.gov.tr

İSLAM NEDİR?
FİLİPİNCE